**Rob Bonta, Attorney General**

**Kagawaran ng Hustisya ng California**
**DIBISYON NA NAGPAPATUPAD NG BATAS Luis Lopez, Acting Chief**

# *INFORMATION BULLETIN*

| *Paksa:* | *No.* | *Impormasyon ng Kontak:* |
|---|---|---|
| **Marso 5, 2024, Pangunahing Halalan ng Pangulo—Pagprotekta sa mga Botante ng California at mga Manggagawa sa Eleksyon sa Araw ng Halalan at sa Maagang Pagboto** | 2024-DLE-04<br>*Petsa:*<br>02/28/2024 | Luis Lopez, Acting Chief<br>Dibisyon ng Nagpapatupad ng Batas<br>(916) 210-6300 |

**PARA SA: LAHAT NG LOKAL NA AHENSYANG NAGPAPATUPAD NG BATAS SA CALIFORNIA**

Ang bulletin na ito ay nagsisilbing paalala sa mga nauugnay na batas na maaaring makaharap mo sa maagang pagboto at sa Araw ng Halalan sa Marso 5, 2024. Isinasagawa at papalapit na ang maagang pagboto.

Tinatalakay ng bulletin na ito ang mga batas ng estado ng California na nagbabawal sa mga kriminal na pagbabanta at karahasan laban sa mga pampublikong opisyal at empleyado, mga batas na nagbabawal sa panghihimasok sa halalan at pananakot sa mga botante, mga batas na namamahala sa pagkakaroon ng baril sa mga lokasyon ng botohan, at mga batas tungkol sa mga poll watcher.[1] Dapat alam ng mga opisyal na nagpapatupad ng batas ang mga batas ng estado na ito dahil nauugnay sila sa pagpoprotekta sa mga botante at manggagawa sa halalan sa California.

Dapat ding alalahanin ng mga opisyal ng kapayapaan na, kapag tumutugon sa anumang sitwasyon sa isang lugar ng botohan, ang mga armas ay maaaring maging sanhi ng pagkatakot ng mga botante nang hindi sinasadya.

Bukod pa sa mga mapagkukunan sa bulletin na ito, maaaring gusto ring muling aralin ng mga nagpapatupad ng batas ang kamakailang patnubay na ibinigay ng Kalihim ng Estado tungkol sa:

- Pananakot sa botante (https://elections.cdn.sos.ca.gov/ccrov/2024/january/24038ra.pdf);
- Pangangampanya at ang katiwalian sa proseso ng pagboto (https://elections.cdn.sos.ca.gov/ccrov/2024/january/24028ra.pdf);
- Hindi awtorisadong mga kahon na paghuhulugan ng balota (https://elections.cdn.sos.ca.gov/ccrov/2024/february/24048rd.pdf); at
- Mga nagbabantay sa halalan (https://elections.cdn.sos.ca.gov/ccrov/2022/september/22233jl.pdf).

## MGA BATAS NA NAGBABAWAL SA MGA KRIMINAL NA PAGBABANTA, PANUNUHOL, PANGINGIKIL, AT KARAHASAN LABAN SA MGA PAMPUBLIKONG OPISYAL AT EMPLEYADO

Sa pagtaas ng bilang ng mga manggagawa ng halalan na nakakaranas ng marahas na pagbabanta at panliligalig dahil sa lamang sa paggawa nila sa kanilang mga opisyal na tungkulin, ang bulletin na ito ay nagsisilbing paalala

[1] Maaaring may mga karagdagang pederal na batas o lokal na ordinansa na nagpoprotekta rin sa mga botante mula sa panghihimasok at pananakot sa halalan na hindi tinatalakay sa bulletin na ito.

na mayroong ilang nauugnay na batas na maaaring gamitin upang matiyak ang proteksyon at kaligtasan ng mga manggagawa sa halalan sa panahon ng maagang pagboto at sa Araw ng Halalan.

Isang kriminal na pagkakasala ang hadlangan o pigilan ang sinumang pampublikong opisyal o empleyado na gampanan ang anumang tungkuling ipinataw sa kanila ng batas sa pamamagitan ng anumang pagbabanta o karahasan.[2] (Pen. Code §§ 69, 71.) Isang kriminal na pagkakasala ang sadyang pagbabanta na magdudulot ng matinding pinsala sa katawan o kamatayan sa ibang tao. (Pen. Code, § 422.)

Isang kriminal na pagkakasala ang suhulan o tangkaing suhulan ang isang pampublikong opisyal o empleyado, kabilang ang mga opisyal ng halalan at mga tauhan nila, pansamantalang manggagawa at manggagawa sa botohan. (Pen. Code, §§ 67, 67.5; Elec. Code, § 18502, subd. (b).)

Isang krimen ang kumuha o tangkaing kumuha ng ari-arian o iba pang konsiderasyon mula sa iba, nang may pahintulot niya, sa pamamagitan ng pamimilit o pananakot. (Pen. Code, § 518, 520, 523.) Maaaring umudyok ng takot ang kriminal na pangingikil, halimbawa, sa pamamagitan ng pagbabanta na gumawa ng labag sa batas na pinsala sa tao o sa kanilang ari-arian o ng isang third person. (Pen. Code, § 519.)

Ang pag-atake at/o pambubugbog sa ibang tao ay isang kriminal na pagkakasala. (Pen. Code, §§ 240–243.)

## MGA BATAS NA NAGBABAWAL SA PANGHIHIMASOK AT PANANAKOT SA ELEKSYON

### Panghihimasok sa Halalan

Hindi maaaring makialam ang isang indibidwal sa isang opisyal[3] na nagdaraos ng halalan o nagsasagawa ng canvass (ang pagbibilang ng mga balota) o sa mga botante na legal na gumagamit ng kanilang mga karapatan sa pagboto sa isang halalan.[4] Sinumang nakikialam sa anumang paraan sa mga opisyal ng halalan na nagsasagawa ng halalan o mga botante na bumoboto sa isang halalan[5] ay magkakaroon ng isang mabigat na kasalanan. (Elec. Code, § 18502, subd. (a).)
Ang sinumang makikialam, o nagtangkang makialam sa tamang operasyon ng, o sadyang pumipinsala upang maiwasan ang paggamit ng, anumang makina ng pagboto, aparato sa pagboto, sistema ng pagboto,device

---

[2] Kung ang isang tao ay kumuha ng litrato o gumawa ng audio o video recording ang isang opisyal, habang ang opisyal ay nasa pampublikong lugar o kung ang kumukuha ng litrato o gumagawa ng recording ay nasa isang lugar kung saan may karapatan siyang maparoon, ay hindi, isang kriminal na pagkakasala. (Pen. Code, § 69, subd. (a).)

[3] Kasama, ngunit hindi limitado, sa isang opisyal ng halalan ang Kalihim ng Estado bilang punong opisyal ng halalan, at ang kanilang mga tauhan, dahil nauugnay ito sa pagsasagawa nila ng anuman sa kanilang mga tungkulin na nauugnay sa pangangasiwa sa mga probisyon ng Elections Code, at mga opisyal ng halalan at kanilang kawani, kabilang ang mga pansamantalang manggagawa at mga manggagawa sa botohan, at mga miyembro ng board ng presinto, sa kanilang pagganap sa anumang tungkulin na nauugnay sa pagtulong sa pagdaraos ng halalan o pagbibilang ng boto. (Elec. Code, § 18502, subd. (b).)

[4] Kasama, ngunit hindi limitado, sa "pagdaraos ng halalan o pagbibilang ng boto" ang proseso ng pagbabantay sa halalan. (Elec. Code, § 18502, subd. (c).)

[5] Kasama, ngunit hindi limitado, sa "pagboto sa isang halalan," ang personal na pagboto sa isang lugar ng botohan o sa opisina ng opisyal ng halalan, kabilang ang mga lokasyon ng satellite, at pagboto sa pamamagitan ng koreo at pagbabalik ng isang binotohang balota. (Elec. Code, § 18502, subd. (d).)

para sa pag-tabulate ng boto, o ballot tally software program source code bago o sa panahon ng halalan ay magkakaroon ng isang mabigat na kasalanan. (Elec. Code, § 18564, subd. (a).)

Isang kriminal na pagkakasala ang makialam sa pangongolekta ng balota sa pamamagitan ng:

- Pagtulong sa pagbabago o pagsira sa anumang listahan ng botohan o opisyal na balota.
- Pagtulong sa maling paglalagay ng anumang mga balota sa lalagyan ng balota o sa pagkuha ng anuman mula doon.
- Pagdaragdag o pagtatangkang magdagdag ng anumang balota sa mga legal na nasuri sa anumang halalan sa pamamagitan ng mapanlinlang na paglalagay sa mga ito sa lalagyan ng balota, bago o pagkatapos mabilang ang mga balota doon.
- Pagdaragdag o paghahalo sa, o pagtatangkang gawin ang mga ito sa mga balota, habang ang mga ito ay binibilang o sa anumang iba pang oras, na may layunin na baguhin ang resulta ng halalan, o payagan ang isa pa na gawin ito.
- Ang pagdadala o pagsira, pagtatangkang gawin ang mga ito, o sadyang pahintulutan ang iba na dalhin o sirain, ang anumang listahan ng botohan, lalagyan ng balota, o mga balotang nasuri ayon sa batas.
- Kusang pagpigil, pagputol, o pagsira sa anumang resulta ng halalan.
- Pag-alis ng anumang hindi nabotohang mga balota mula sa lugar ng botohan bago makumpleto ang pagbibilang ng balota.
- Pagpapakita ng isang lalagyan para sa layuning kolektahin ang mga balota, para linlangin ang isang botante na ilagay ang balota sa isang hindi opisyal na kahon ng balota.
- Pag-uutos o pagkombinsi sa botante na maglagay ng balota sa isang hindi opisyal na ballot box.

(Elec. Code, § 18568.)[6]

Nasa ibaba ang ilang halimbawa ng panghihimasok sa halalan na inilarawan sa batas ng California at mga nakasulat na payo na inilabas ng Kalihim ng Estado ng California na maaaring makaharap ng nagpapatupad ng batas sa panahon ng maagang pagboto o sa Araw ng Halalan:[7]

- Pagharang sa access sa mga lokasyon ng botohan.
- Paggambala sa proseso ng pagbubukas o pagsasara ng mga istasyon ng botohan.
- Paggambala sa proseso ng pagbibilang ng mga balota.
- Pagsira ng mga kagamitan sa pagboto o mga kahong paghuhulogan ng balota.
- Panlilinlang sa isang botante na ihulog sa isang hindi opisyal na kahon ang balota nito.

**Pananakot at Pagkumbinsi ng Botante**

Sinasaklaw ng pananakot sa botante ang gawi na naglalayong pilitin ang mga botante na huwag bumoto o bumoto ng labag sa kanilang mga kagustuhan sa pamamagitan ng planadong aktibidad upang magtanim ng

---

[6] Tingnan din, hal., California Secretary of State, County Clerk/Registrar of Voters (CC/ROV) Memorandum # 24048, “Presidential Primary: Hindi Awtorisadong mga Kahon ng Balota at mga Kinakailangan sa Resulta ng Balota,” (Pebrero 5, 2024), <https://elections.cdn.sos.ca.gov/ccrov/2024/february/24048rd.pdf>.

[7] Tingnan ang Elec. Code, §§ 18502, 18564; tingnan din, hal, Kalihim ng Estado ng California, CC/ROV Memorandum # 24038, “Presidential Primary: Pananakot sa Botante; mga Ipinagbabawal na Hamon sa Botante,” (Enero 19, 2024), <https://elections.cdn.sos.ca.gov/ccrov/2024/january/24038ra.pdf>.

takot.[8] Ang pananakot sa botante ay ipinagbabawal sa anumang halalan; Ang paglabag sa seksyong ito ay isang mabigat na kasalanan. (Elec. Code, § 18540.)

Ang mga pananakot, o paggamit ng anumang puwersa, karahasan, o taktika ng pamimilit o pananakot upang pigilan ang isang botante na bumoto sa kanilang balota— personal man na bomoto sa isang lugar ng botohan o sa opisina ng opisyal ng halalan, kabilang ang mga satellite na lokasyon, o kapag bumoto sa pamamagitan ng koreo at pagbabalik ng balota ng botante—ay isang mabigat na kasalanan. (Elec. Code, § 18540, mga subd. (a), (c).) Sa katulad na paraan, ang mga pagbabanta, o paggamit ng anumang puwersa, karahasan, o taktika ng pamimilit o pananakot upang baguhin ng isang botante ang kanilang boto para sa isang partikular na kandidato o panukala sa balota, o dahil ang isang tao ay bumoto o umiwas sa pagboto sa anumang halalan o para sa isang partikular na tao o panukala ay isang mabigat na kasalanan. (Elec. Code, § 18540, subd. (a).) Ang sinumang kumukuha o nag-aayos para sa ibang tao na gumamit o nagbabanta na gumamit ng dahas, karahasan, o iba pang taktika ng pamimilit o pananakot upang maapektuhan ang karapatan ng isang botante na bumoto ay gumagawa din ng isang mabigat na kasalanan. (Elec. Code, § 18540, subd. (b).)

**Pagkumbinse sa Botante at Pangangampanya sa loob ng 100 Talampakan sa isang Curbside Voting Area o Lokasyon ng Halalan**

Bukod pa sa mga pangkalahatang pagbabawal laban sa pananakot sa botante, may mga partikular na paghihigpit sa mga ipinagbabawal na aktibidad na may kaugnayan sa pagkumbinse sa mga botante at pangangampanya sa loob ng 100 talampakan ng: (1) isang site sa labas, kabilang ang isang curbside voting area, kung saan ang isang botante ay maaaring maglagay o maghulog ng balota; o (2) ang pasukan sa isang gusali kung saan isasagawa ang botohan, opisina ng opisyal sa halalan, o satellite na lokasyon.

Labag sa batas na magsagawa ng ilang partikular na gawain sa loob ng 100 talampakan mula sa isang site sa labas, kabilang ang isang curbside voting area, kung saan ang isang botante ay maaaring magpalabas o maghulog ng balota, ang pasukan sa isang gusali kung saan isasagawa ang botohan, opisina ng opisyal sa halalan, o satellite na lokasyon na may layuning pigilan ang isang botante sa pagboto. (Elec. Code, § 18541.) Kasama sa mga gawaing ito ang: (1) paghingi ng boto o pakikipag-usap sa isang botante tungkol sa pagmamarka ng kanilang balota; (2) paglalagay ng mga karatula tungkol sa mga kwalipikasyon ng botante; (3) pakikipag-usap sa isang botante tungkol sa kanilang mga kwalipikasyon (maliban sa ilang partikular na hamon ng mga miyembro ng lupon ng presinto); (4) pagre-record ng mga botante sa pamamagitan ng pagkuha ng larawan o video habang sila ay pumapasok o lumalabas sa lugar ng botohan[9]; o (5) humahadlang sa pasukan, labasan, o paradahan. (Elec. Code, § 18541, subds. (a) at (b).) Ang mga lalabag sa seksyong ito ay maaaring kasuhan ng isang mabigat na krimen. (Elec. Code, § 18541, subd. (d).)

Ipinagbabawal din ng batas ang "pangangampanya" ng sinumang tao sa loob ng 100 talampakan mula sa isang site sa labas, kabilang ang isang curbside voting area, kung saan ang isang botante ay maaaring bumoto o maghulog ng balota, ang pasukan sa isang gusali kung saan isasagawa ang botohan, isang opisyal ng halalan,

[8] US Dept. of Justice, Federal Prosecution of Election Offenses Eighth Edition, (Dis. 2017), p. 52 (tinatalakay ang 18 USC § 594).

[9] Para sa higit pang impormasyon sa paggamit ng mga camera sa mga lokasyon ng botohan, tingnan ang, hal., California Secretary of State, CC/ROV Memorandum # 24021, "Presidential Primary: Mga Camera sa Lokasyon ng Botohan," (Enero 11, 2024), <https://elections.cdn.sos.ca.gov/ccrov/2024/january/24021ra.pdf>.

opisina, o satellite na lokasyon, na isang misdemeanor. (Elec. Code, § 319.5, 18370.) Kasama, ngunit hindi limitado, sa pangangampanya ang: (1) pagpapakita ng pangalan, pagkakahawig, o logo ng kandidato; (2) pagpapakita ng numero, pamagat, paksa, o logo ng panukala sa balota; (3) pagpapakita ng mga butones, sombrero, lapis, panulat, kamiseta, karatula, o mga sticker na naglalaman ng impormasyon tungkol sa isang kandidato sa balota; (4) ang pagpapakalat ng naririnig na impormasyon tungkol sa isang kandidato o panukala sa balota; (5) sa isang lugar ng botohan o bumoto sa pamamagitan ng koreo sa mga drop box ng balota, ang paghadlang sa pagpasok sa, pag-gala malapit o pagpapakalat ng nakikita o naririnig na impormasyon tungkol sa isang kandidato o panukala sa balota; at (6) pagpapakalat ng isang inisyatiba, referendum o anumang iba pang petisyon. (Elec. Code, § 319.5, 18370.) Habang ang pagpapakita ng pangalan, pagkakahawig, o logo ng kandidato sa kasuotan ng botante—gaya ng isang sombrero, t-shirt o butones—ay isang gawain ng pangangampanya na ipinagbabawal sa ilalim ng batas, ang pagpapakita ng isang kilusang pampulitika o slogan ng kampanya sa pananamit—nang walang kasamang pangalan, pagkakahawig, o logo ng isang kandidato—ay hindi gawain ng pangangampanya.[10] Kasama, ngunit hindi limitado, sa mga halimbawa ng mga slogan ng kampanya o mga slogan ng kilusang pampulitika ang: Make America Great Again (MAGA), Black Lives Matter (BLM), Keep America Great (KAG), Vote for Science, at Build Back Better.[11]

Sa katulad na paraan, labag sa batas na gawin ang alinman sa mga sumusunod sa loob ng malapit na lugar sa isang botante na nakapila upang bumoto o maghulog ng balota na may layuning pigilan ang ibang tao sa pagboto: (1) humingi ng boto; (2) makipag-usap sa isang botante tungkol sa pagmamarka sa balota ng botante; o (3) magpakalat ng nakikita o naririnig na impormasyon ng pangangampanya. (Elec. Code, § 18541, subd. (c).) Ang mga lalabag sa seksyong ito ay maaaring kasuhan ng isang mabigat na krimen. (Elec. Code § 18541, subd. (d).)

**Mga Halimbawa ng Pananakot sa Botante**

Nasa ibaba ang ilang halimbawa ng pananakot na inilarawan sa batas ng California at mga nakasulat na payo na inilabas ng Kalihim ng Estado ng California na maaaring panagutan ng nagpapatupad ng batas sa panahon ng maagang pagboto o sa Araw ng Halalan:[12]

- Nagbabantang magsagawa ng kriminal na aksyon laban sa mga botante.
- Paglalahad ng maling impormasyon tungkol sa proseso ng pagboto o mga kinakailangan sa pagiging karapat-dapat ng botante, kabilang ang:
    - pagpapaalam sa mga posibleng botante na kinakailangan ang kakayahang magsalita ng Ingles para maging karapat-dapat na bumoto;

---

[10] Tingnan ang, hal., Kalihim ng Estado ng California, CC/ROV Memorandum # 24028, "Presidential Primary: Mga Pagbabawal sa Pangangampanya at ang Katiwalian ng Proseso ng Pagboto" (Enero 12, 2024), <https://elections.cdn.sos.ca.gov/ccrov/2024/january/24028ra.pdf>.

[11] Tingnan ang, hal., Kalihim ng Estado ng California, CC/ROV Memorandum # 24028, "Presidential Primary: Mga Pagbabawal sa Pangangampanya at ang Katiwalian ng Proseso ng Pagboto" (Enero 12, 2024), p. 2, <https://elections.cdn.sos.ca.gov/ccrov/2024/january/24028ra.pdf>.

[12] Tingnan ang Elec. Code, §§ 14240, subd. (b), 18370, 18540, 18541; Civ. Code, §§ 51, subd. (b), 51.7, subd. (b); Tingnan din ang, hal., Kalihim ng Estado ng California, CC/ROV Memorandum # 24038, "Presidential Primary: Pananakot sa Botante; Mga Ipinagbabawal na Hamon sa Botante," (Enero 19, 2024), pp. 1-3, <https://elections.cdn.sos.ca.gov/ccrov/2024/january/24038ra.pdf>.

    - pagpapaalam sa mga botante na kailangan nilang magpakita ng ilang uri ng larawan ng pagkakakilanlan para makaboto; o
    - pagpapaalam sa mga botante na maaaring magkaroon ng mga kriminal na kahihinatnan ang pagboto (hal., na ang mga listahan ng pagboto ay gagamitin para sa mga layunin ng pangongolekta ng utang, upang magsagawa ng mga arrest warrant checks, atbp.).
- Panliligalig o pananakot sa mga botante batay sa lahi, etnisidad, o pagkakakilanlan ng kasarian ng isang tao.
- Agresibong pagtatanong sa mga botante tungkol sa kanilang pagkamamamayan, kriminal na rekord, o iba pang kwalipikasyon para bumoto.
- Sumasali sa pag-atake, pambubugbog, pagbabanta ng karahasan gamit ang salita o pisikal na karahasan, o pagwawagayway ng mga armas.
- Pagkuha ng larawan o pagre-record ng isang botante na pumapasok o lumalabas sa isang lugar ng botohan, o sadyang pagharang sa pasukan, labasan, o paradahan sa isang lugar ng botohan.
- Sinusubukang tiyakin kung paano bumoto ang isang botante sa kanilang balota.

Ang pananakot sa botante ay labag sa batas kahit saan man ito mangyari–malapit man sa isang lugar ng botohan, sa loob ng 100 talampakan kung saan ipinagbabawal ang pangangampanya, o saanman.

**MGA ARMAS AT PRESENSIYA NG MGA SECURITY PERSONNEL SA MGA LUGAR NG BOTOHAN**

Ipinagbabawal ng batas ng California ang sinumang tao, kabilang ang isang taong may lisensya sa nakatagong pagdala ng armas, na magkaroon ng baril sa o sa malapit na lugar[13] ng isang lugar ng botohan, sentro ng botohan, presinto, o ibang lugar o lokasyon kung saan ibinabalik o binibilang ang mga boto o ang mga kalye o bangketa na katabi ng alinman sa mga lokasyong ito. (Elec. Code, § 18544, subd. (a); Pen. Code, § 26230, subd. (a)(25).) Nalalapat ang paghihigpit na ito sa sinuman sa mga lokasyong ito, kahit na ang mga naturang tao ay bumoboto, o kumikilos bilang mga poll watcher, o nagtatagal sa loob o labas ng mga lokasyong ito. Ang mga opisyal ng kapayapaan na nagsasagawa ng opisyal na negosyo o bumoto ng kanilang sariling boto habang nasa tungkulin ay pinahihintulutan na magkaroon ng baril sa isang lugar ng botohan. (Elec. Code, § 18544, subd. (a).)

Bukod pa rito, sinumang mayroong baril, kabilang ang sinumang nakaunipormeng opisyal ng kapayapaan, pribadong guwardiya, o mga tauhan ng seguridad, ay hindi maaaring idestino sa paligid ng lugar o italaga sa isang lugar ng botohan nang walang nakasulat na awtorisasyon mula sa opisyal sa halalan ng lungsod o county. (Elec. Code, § 18544, subd. (a).)[14] Ang sinumang lumabag sa seksyon 18544 ay maaaring makasuhan ng isang mabigat na kasalanan at kriminal na managot sa pananakot sa botante. (*Ibid.*) Ipinagbabawal din ng batas ang pag-hire ng ibang tao para gawin ang tulad nito. (Elec. Code, § 18544, subd. (a), 18545.)

Apat na uri ng indibidwal lamang ang hindi kasama sa batas na ito:

---

[13] Ang "paligid ng lugar" ay tumutukoy sa bahagi sa loob ng 100 talampakan ng silid o mga silid kung saan pinipirmahan ng mga botante ang roster at hinuhulog ang kanilang balota. (Elec. Code, § 18546, subd. (b).

[14] Ang pangangailangang ito ay hindi nalalapat sa nagpapatupad ng batas na tumutugon sa isang partikular na insidente sa isang lugar ng botohan.

- Mga walang armas, nakaunipormeng guwardiya o security personnel na nasa lugar ng botohan para bumoto.
- Mga opisyal ng kapayapaan na ginagawa ang kanilang trabaho bilang mga opisyal ng kapayapaan o naroroon upang bumoto.
- Mga pribadong guwardiya o security personnel na inupahan o itinalaga ng mga opisyal ng halalan.
- Mga pribadong guwardiya o security personnel na kinuha o itinalaga ng may-ari o tagapamahala ng lokasyon ng lugar ng botohan na hindi kinuha para lamang sa Araw ng Halalan.

(Elec. Code, § 18544, subd. (b)(1)-(4).)

**PAGBABANTAY SA BOTOHAN**

Pinahihintulutan ang pagmamasid sa mga gawain sa halalan sa mga lokasyon ng botohan, ngunit tanging ang mga manggagawa sa botohan at mga botante na nakikibahagi sa pagboto lamang ang maaaring nasa loob ng lugar ng botohan kapag isinasagawa ang botohan. (Elec. Code, § 14221.) Ang paghihigpit sa pagpasok sa booth ng botohan ay nagpoprotekta sa karapatan ng isang botante na bumoto nang lihim at walang pananakot. (Elec. Code, § 2300, subd. (a)(4).)

Ang mga poll watcher (tinatawag ding mga tagabantay ng botohan) ay mga indibidwal na nagbabantay sa mga halalan at proseso ng pagbibilang. Kahit sino ay maaaring magbantay sa botohan. (Elec. Code, § 2300 subd. (a)(9)(A).) Gayunpaman, maaaring may mga limitasyon sa bilang ng mga poll watcher na maaaring sumubaybay sa anumang partikular na oras, dahil ang mga poll watcher ay "dapat sumunod sa anumang mga probisyon sa kalusugan at kaligtasan sa lugar kung saan nangyayari ang pagsubaybay"[15] at dahil pinayuhan ng Kalihim ng Estado ang mga opisyal ng halalan ng county na sundin ang patnubay ng estado at lokal sa kalusugan para sa COVID-19 at mga nauugnay na variant nito, at na gawin ang lahat ng posibleng hakbang upang matiyak ang kaligtasan ng mga manggagawa at mga botante.[16]

**Ano ang pinahihintulutang gawin ng mga poll watcher?**

Ang mga poll watcher ay mga tagamasid sa mga proseso ng halalan. Hindi sila dapat manghimasok sa proseso ng halalan. Pinahihintulutan silang kumuha ng mga tala at gumamit ng mga elektronikong device, kabilang ang mga smartphone at tablet, hangga't ang mga naturang device ay hindi ginagamit upang itala ang mga botante o makagambala sa proseso ng halalan o lumabag sa anumang iba pang probisyon ng Elections Code. (Elec. Code, § 2302.)

---

[15] Tingnan ang, hal., California Secretary of State, County Clerk/Registrar of Voters (CC/ROV) Memorandum # 22233, "General Election: Mga Karapatan at Responsibilidad sa Pagsubaybay sa Halalan," (Setyembre 19, 2022), p. 1, <https://elections.cdn.sos.ca.gov/ccrov/2022/september/22233jl.pdf>.

[16] Kalihim ng Estado ng California, *2024 Mga Pamantayan sa Pagsasanay ng Manggagawa sa Botohan*, p. 3, <https://elections.cdn.sos.ca.gov/poll-worker-training-standards/poll-worker-training-standards.pdf>.

Kasama sa pagmamasid sa mga proseso ng halalan ang karapatang magtanong sa mga manggagawa sa botohan tungkol sa mga pamamaraan ng halalan at tumanggap ng sagot o isangguni sa naaangkop na opisyal ang sagot. (Elec. Code, § 2300, subd. (a)(9).)

Gayunpaman, kung ang patuloy na pagtatanong ng isang poll watcher ay nakagagambala sa mga tungkulin ng mga manggagawa sa botohan, ang mga manggagawa sa botohan ay maaaring huminto sa pagtugon at isangguni ang poll watcher sa opisina ng mga halalan ng county para sa karagdagang mga sagot. Bagama't maaaring gawin ng mga poll watcher ang mga aktibidad sa itaas, hindi sila bahagi ng opisyal na pangkat ng mga halalan at hindi maaaring kumilos bilang isang opisyal ng halalan. (Elec. Code, § 18575.) Ang labag sa batas na pagkilos bilang opisyal ng halalan ay isang mabigat na kasalanan. (*Ibid.*)

**Ano ang ipinagbabawal na gawin ng mga poll watcher?**

Ang mga poll watcher ay hindi maaaring makialam sa proseso ng halalan o takutin ang mga botante. (Elec. Code, § 18502, 18540, 18541, 18543, 18564.) Ang panghihimasok ay maaaring dahil sa mga sumusunod, halimbawa, malakas na pakikipag-usap sa isang cellular na telepono, patuloy na pagtatanong sa mga manggagawa sa botohan sa paraang nakagagambala sa pagsasagawa ng kanilang mga tungkulin, sa pamamagitan ng pag-upo sa mga opisyal na worktable o mga mesa na nakalaan para sa mga pansamantalang botante, at sa pamamagitan ng pagtayo nang hindi makatwiran malapit sa mga manggagawa sa botohan habang ginagawa nila ang kanilang mga tungkulin.[17]

Ang mga poll watcher ay hindi pinahihintulutang makipag-ugnayan sa mga botante na nakapila para bumoto o maghulog ng balota, o sa loob ng 100 talampakan mula sa lugar sa labas, kabilang ang isang curbside voting area, kung saan ang isang botante ay maaaring bumoto o maghulog ng balota, ang pasukan sa isang gusali na naglalaman ng lugar ng botohan, opisina ng opisyal ng halalan, o lokasyon ng satellite, upang hikayatin ang mga botante na bumoto sa anumang partikular na paraan na pigilan sila sa pagboto, o kung hindi man ay makipag-usap sa isang botante sa paksa ng pagmamarka sa balota ng botante; upang tanungin ang mga kwalipikasyon ng isang botante; o kumuha ng litrato o video ng mga botante habang sila ay pumapasok o lumalabas sa lugar ng botohan. (Elec. Code, § 18541.) Bukod dito, hindi pinapayagan ang mga poll watcher na magpakalat ng nakikita o naririnig na mga impormasyon na nagtataguyod para sa o laban sa sinumang kandidato o panukala sa balota. (Elec. Code, §§ 18370, 18541.) Kasama, ngunit hindi limitado, sa ipinagbabawal na pagtataguyod ng poll watcher ang pagpapakita ng pangalan, pagkakahawig, o logo ng kandidato; ang numero, titulo, paksa, o logo ng panukala sa balota; at ang paggamit ng mga butones, sombrero, lapis, kamiseta, karatula, o sticker na naglalaman ng impormasyon ng panukala ng kandidato o balota. (Elec. Code, § 319.5, 18370.)
Ang mga poll watcher ay hindi pinahihintulutan na kwestyonin o tanungin ang sinuman tungkol sa kanilang mga kwalipikasyon na bumoto. (Elec. Code, § 14240, subd. (a).) Ang mga poll watcher ay hindi rin maaaring "magbigay ng mapanlinlang na payo" sa mga botante na hindi sila karapat-dapat na bumoto o na hindi sila nakarehistro kapag ang botante ay, sa katunayan, nakarehistro at karapat-dapat. (Elec. Code, § 18543.) Tanging ang miyembro lamang ng isang lupon ng presinto ang maaaring kumuwestyon sa mga kwalipikasyon

[17] Tingnan ang, hal., California Secretary of State, County Clerk/Registrar of Voters (CC/ROV) Memorandum # 22233, "General Election: Mga Karapatan at Responsibilidad sa Pagsubaybay sa Halalan," (Setyembre 19, 2022), p. 3, <https://elections.cdn.sos.ca.gov/ccrov/2022/september/22233jl.pdf>..

ng isang botante na bumoto sa loob ng lugar ng botohan, at ang hamon ay dapat na nakabatay sa mga limitadong batayan na hayagang itinakda sa seksyon 14240 ng Elections Code, subdivision (a). (Elec. Code, § 14240; tingnan din ang Elec. Code, § 18543.)

Ang mga poll watcher ay hindi pinahihintulutan na makisali sa proseso ng halalan o subukang alamin ang pagkakakilanlan o mga pinili sa balota ng sinumang botante. Isang kriminal na pagkakasala para sa isang miyembro ng publiko na kusang makisali sa pagtatangka na alamin ang pagkakakilanlan at/o mga pinili sa balota ng isang botante habang sinusubaybayan ang pagproseso ng mga balota sa pamamagitan ng koreo, ang semifinal na opisyal na pagbibilang, ang opisyal na pagbibilang, ang muling pagbibilang, o subukang tiyakin ang pagkakakilanlan at/o mga pinili sa balota ng isang botante. (Elec. Code, § 18562.5.)

Panghuli, hindi pinahihintulutan ang mga indibidwal na magsuot ng mga uniporme ng opisyal ng kapayapaan, pribadong security guard, o uniporme ng security personnel habang nagbabantay ng botohan.[18] Ang mga paglabag sa mga probisyong ito ay maaaring humantong sa kriminal na pananagutan.

Kung mayroon kang karagdagang tanong, mangyaring makipag-ugnayan kina:

Rachelle Delucchi
Tagapayo sa Halalan
Kalihim ng Estado ng California
(916) 764-5934

Robbie Anderson
Tagapayo sa Halalan
Kalihim ng Estado ng California
(916) 216-6488

Luis Lopez, Acting Chief
Dibisyon ng Nagpapatupad ng Batas
Kagawaran ng Hustisya ng California
(916) 210-6300

[18] Tingnan, hal., California Secretary of State, County Clerk/Registrar of Voters (CC/ROV) Memorandum # 22233, “General Election: Mga Karapatan at Responsibilidad sa Pagmamasid sa Halalan,” (Setyembre 19, 2022), p. 3, <https://elections.cdn.sos.ca.gov/ccrov/2022/september/22233jl.pdf>.